

**Mga Pagtawag para Abiso sa Pagkandado at Mga Doorhanger**

Sa dalawang Biyernes bago ang petsa ng pagkandado, gagawa ng tawag mula sa aming automated na sistema sa pagtawag sa pangunahing numero ng telepono sa account. 48 oras man lang bago ang petsa ng pagkandado, magtatangkang maghatid ng doorhanger sa bawat address na ang serbisyo ay nasa peligro.

**Kandado**

Kapag hindi kami makatanggap ng bayad ng 5:00 p.m. sa araw BAGO ang petsa na nakalista sa panghuling pinadalang abiso, ikakandado ang serbisyo sa petsa ng pagkandado. Kapag nakandado ang serbisyo, kailangan ng kostumer magbayad ng singil sa muling pagkakabit at ang depositong hanggang dalawa at kalahating (2 ½) beses ng buwanang karaniwang singil para maibalik ang serbisyo. Marefund ang deposito kung nagpapanatili ang kostumer ng nasa oras na iskedyul ng pagbabayad ng hindi bababa sa 12 magkakasunod na buwan. Ito ay bilang dagdag ssa pagbabayad sa nakatakdang balanse sa abiso ng pagkandado.

**ANG MGA KOSTUMER NG MCSD NA MAKITA ANG SARILI NILANG NASA PELIGRO NG NAPIPINTONG ABALA SA SERBISYO AY HINIHIKAYAT NA KONTAKIN ANG TANGGAPAN NG DISTRITO PARA TALAKAYIN ANG MGA OPSIYON NILA TULAD NG DEFERRED NA BAYAD, AMORTISASYON O APELA.**

**MANGYARING TAWAGAN KAMI SA (707) 839-3251, LUNES HANGGANG BIYERNES, 9 A.M. HANGGANG 5 P.M.**